

# Talakayin natin ang

# Minimum Wage

Ang minimong sahod na dapat ibigay ng kumpanya kada oras ay magkakaiba depende sa prepektura. Sa Saitama, ang minimong sahod ay 802 yen kada oras.

Sa Japan, ang minimong sahod kada oras ay iba-iba sa bawat prepektura. Hindi ito alam ng karamihan. Talakayin natin.

Bawat kumpanya ay kailangang sumunod sa batas na ito, hindi man kayo regular na empleado at part-time na trabahador at maging Hapon man kayo o dayuhan. Para malaman kung ang iyong sahod ay mataas o hindi sa nakasaad sa batas, i-divide ang sahod sa oras ng trabaho. Kung ang buwanang sahod ay 180,000 yen, sa loob ng 20 araw, at 8 oras kada araw ang trabaho, ang sahod kada oras ay 1125 yen. Subalit, sa ganitong kaso, ang buwanang sahod ay may mga kasamang benepisyo. (Bonus, special wages, commutation allowance, dependent family allowance at sahod sa overtime ay hindi kasama.)

Kung ikaw ay pansamantalang nagtrabaho at nanggaling sa isang ahensya, ang minimong sahod na binibigay ay base kung saang lugar ang kumpanyang pinagtrabahuhan at hindi sa lugar kung saan ang ahensya. Halimbawa, kung ang ahensya ay nasa sa Saitama at ikaw ay magtrabaho sa isang kumpanya sa Tokyo, ang minimong sahod para sa Tokyo ang ibibigay. Ito ay 888 yen kada oras, mas malaki ng kaunti kaysa Saitama.

Kung ang minimong sahod ay mas mababa kaysa nakatakdang sahod, kinakailangang bayaran ng kumpanya ang kakulangan sa minimong sahod at sa binigay na sahod. Kailangan ipatupad ito kahit may usapan sa pagitan ng kumpanya at empleado, dahil hindi ito naaayon sa batas.

Subalit, dahil sa mas mataas ang posisyon ng kumpanya kaysa mga empleado, may mga kaso na nahihirapan ang mga empleado na hingin ang nararapat na sahod na dapat nilang natanggap. Sa mga ganitong sitwasyon, maaaring magkonsulta sa lokal na sangay ng Labor Standard Inspection Office. Gayunman, kahit pantay ang tingin ng Labor Standard Inspection Office sa kumpanya at sa mga empleado, maaaring hindi ito pumanig sa inyo.

Kung mayroong trade union na malapit, maaaring magkonsulta. (kung walang trade union sa inyong kumpanya, may mga trade union na maaari kayong sumapi at humingi ng tulong para mamagitan sa inyo at sa kumpanya.) Kailangan ihanda ang mga papeles na nagsasaad ng iyong mga natanggap na sahod at iba pang benepisyo. Ang mga katibayang ito ay makakatulong sa konsultasyon na gagawin.



Pagpapaliwanag ni: Ms. Miho FUJIBAYASHI, administrative scrivener

## Sangay na opisina ng Fujimi-shi Furusato Hello Work, ahensya para sa naghahanap ng trabaho, ay malapit sa Tsuruse Station



Simula January 7 2013, ang sangay na opisina ng Fujimi-shi Furusato Hello Work ay binuksan. Ito ay magkasamahang pinamamahalaan ng Fujimi-shi and Hello Work Kawagoe. Ito ay malapit sa Tsuruse Stn. kaya madaling makita

Sa mga naghahanap ng trabaho, kumuha ng card sa reception window para makahiram ng PC at maghanap ng ninanais na trabaho.

Kapag may nakitang gustong aplayan, dalhin ang datos sa isang kawani para sa konsultasyon.

May mga pagkakataon na maaaring maghintay sumandali dahil sa maraming tao ang naghahanap ng trabaho at nagkokonsulta. Ang touch panel PC ay nakaprograma lamang sa Nihonggo, kaya't mabuting magsama ng tutulong sa inyo kung hindi kayo masyadong bihasa sa lengguahe. Ang tanggapan ay bukas mula 9:00 nu hanggang 5:00 nh.

- West exit ng Tsuruse station, Sunlight hole (ang building ay katabi ng Tsuruse station)

## Tandaan #7000, an emergency number

#8000 ang numero ng telepono para sa emergency sa mga bata sa Saitama. Gayundin ginawa ang #7000, ang numero ng telepono ng emergency para sa matatanda. Maaaring tumawag at magkonsulta sa nars kung hindi mo sigurado na kailangan mong pumunta sa ospital o hindi. Phone no: #7000 - - - Dial line, IP phone, kung PHS: 048-824-4199

Oras ng pagkunsulta : 6:30 pm ~ 10:30 pm (araw-araw)

## Dalhin lagi ang bagong kopya ng Emergency Card



Maaring gamitin ang emergency card, kung hindi kayo gaanong bihasa sa Nihonggo, sa emergency kung saan ay kailangan ang agarang pagkilos at

para humingi ng tulong sa sinumang Hapon. Nakasaad sa card na maari kayong magpatulong tumawag sa telepono, at iba pang detalyeng impormasyon. Nakasalin ang bagong card sa 11 na lengguahe: Chinese, English, French, Korean, Nepalese, Portuguese, Tagalog, Spanish, Thai, Vietnam, at Nihonggo

Makakakuha ng card sa mga city halls sa Saitama Pref. at gayundin sa mga universidad, ospital, police station, simbahan, at mga restaurant. Ilagay sa inyong wallet at laging dalhin.

Ang isyu ng Information Fujimino ay magiging kada ikalawang buwan .